COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ANG LAHAT NG MGA NAKAREHISTRONG BOTANTE AY MAKAKATANGGAP NG BALOTANG PANGKOREO PARA SA GUBERNATORYAL NA RECALL NA ELEKSYON

Inaalerto ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang lahat ng aktibong mga nakarehistrong botante sa County ng San Diego na makakatanggap sila ng isang balota sa koreo para sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California.

Ipapakoreo ang mga balota sa linggo ng Ika-16 ng Agosto, na binibigyan ang mga botante ng halos isang buwan upang markahan ang kanilang balota at ibalik ito bago ang Araw ng Eleksyon. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa koreo, hindi na kailangan ng postage, o sa isa sa maraming mga lokasyon ng mail ballot drop-off sa buong county.

Magkakaroon ba ng mga in-person na lokasyon ng pagboto?

Oo. Ang mga in-person na lokasyon ng pagboto ay magbubukas sa buong county ng apat na araw. Mula Sabado, Ika-11 ng Setyembre hanggang Lunes, Ika-13 ng Setyembre magbubukas kami sa ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa Araw ng Eleksyon, ang mga oras ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa parehong mga in-person na lokasyon ng pagboto at opisina ng Tagapagrehistro.

Maaari ring samantalahin ng mga botante ang maagang pagboto simula Ika-16 ng Agosto sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang mga oras ay tatakbo mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Ano ang kailangan ninyong gawin?

Paghandaan Ang Pagboto!

- I-check ang inyong impormasyon ng rehistrasyon ng botante. Siguraduhing ang inyong tirahan at, kung naiiba, inyong adres pangkoreo ay napapanahon.
- Kayo ba ay lumipat o nagpalit ng inyong pangalan? Kung bago kayo sa County ng San Diego o lumipat lamang sa ibang kalye, kailangan ninyong muling magparehistro para makaboto.
- Kayo ba ay isang first-time na botante? Kung nais ninyong lumahok sa darating na eleksyon, kayo ay dapat nakarehistro para makaboto – ito ay magagawa ng mas mababa sa 2 minuto!

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ano ang isang recall?

Ang recall na proseso ay pinapayagan ang mga botante na magdesisyon kung tatanggalin ang mga ibinotong pampublikong opisyal mula sa katungkulan bago matapos ang kanilang termino.

Ang isang recall na balota ay tatanungin ang mga botante ng dalawang katanungan.

Sa recall na eleksyong ito, ang unang katanungan ay tatanungin ang mga botante na “Oo” o “Hindi” para tanggalin ang gubernador mula sa katungkulan.

Sa ikalawang bahagi, tatanungin ang mga botante na mamili ng isang kapalit na kandidato. Kung mas mahigit sa 50% ng mga botante ang bumoto ng “Oo” para i-recall ang gubernador, ang kapalit na kandidatong nakakuha ng pinakamaraming boto ang ibinoto para sa natitirang termino ng katungkulan.

Kung majority ng mga botante ay bumoto ng “Hindi” sa unang tanong, sa gayon ang recall ay hindi nagtagumpay, at ang gubernador ay mananatili sa katungkulan.

Upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagboto sa gubernatoryal na recall na eleksyon, bumisita sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER